

1

First day of work ni Wendy. Nakangiting napatingala siya sa signage sa facade ng gusali.

Health Things.

Iyon ang pangalan ng kompanyang pagtatrabahuan niya. Mga medical equipment na kadalasang ginagamit sa ospital, klinika at iba pa ang saklaw niyon.

“Thank You, Lord! May trabaho na ako,” pabulong na sabi niya sa sarili. Nagpakawala siya ng malalim na paghinga bago naglakad papasok sa building.

Isang buwang mahigit din siyang nagbakasakali sa Cebu. At pinangambahan niyang maubusan na siya ng pera nang hindi pa rin makahanap ng mapapasukan. Kung nangyari iyon, mapipilitan siyang umuwi sa kanilang probinsya. Mabuti na lang at dininig na rin ng Diyos ang kanyang panalangin. Hindi na siya makapaghintay na ipaalam sa kanyang inang si Ana ang magandang balita. Naiwan ito sa kanilang probinsya.

Dalawa lamang sila na magkasama sa buhay. Hindi man lang niya nakilala ang kanyang ama nang

itatwa siya nito noong ipinagdadalantao pa lamang siya ni Ana.

Dating magkasama sa trabaho ang kanyang mga magulang. Nag-AWOL ang ama niya sa trabaho at mula noon ay hindi na muling nagpakita pa sa kanyang ina.

Sa labis na sama ng loob ni Ana, ni isang larawan ng dating nobyo ay wala itong itinira. Sinunog lahat. Kaya wala siya ni isa mang alaala sa tatay niya. Sobrang nasaktan ang nanay niya kaya lumaki siyang may tanim na galit sa kanyang ama.

Sa kabila ng sinapit, hindi naisipan ni Ana na ipalaglag siya. Hindi kagaya ng kadalasang ginagawa sa isang babaeng disgrasyada. May takot pa rin ito sa Maykapal.

Lumaki at nagkamulat si Wendy sa pag-aaruga ng mga magulang ni Ana. Magkagayunman, hindi matapos-tapos ang araw na hindi siya pinapagalitan ng mga ito. Lahat ng kanyang gawin ay mali sa mata ng mga ito. Pati ang mga tiyahin niya ay nakisawsaw na rin. Tinrato silang iba sa mga ito. Mga walang malasakit, parang hindi kadugo kung sila ay ituring. Wala raw umano silang kahit na anong nagagawang maayos sa buhay. Ang kanyang ina, tatahimik na lamang sa isang tabi.

Kahit sa eskuwelahan ay ganoon din kung ituring si Wendy ng kanyang mga kaklase at ibang nakakakilala sa kanila. Binu-bully at pinaparatangan ng hindi magaganda.

Isang araw, nawala ang mamahaling relo ni Joanna habang sabay silang naglakad pauwi. Walang ibang pinagbintangang kumuha niyon kundi siya. Todo-tanggi si Wendy, ngunit hindi siya nito pinakinggan. Sobra siyang nagdamdam. Nag-iisa niyang kaibigan si Joanna, pero hindi siya nagawang paniwalaan nito. Paano pa kaya ang iba?

Hindi na kinaya ng kanyang ina ang pangmamaliit sa kanila. Umalis ito kasama siya. Napadpad sila sa Argao, Cebu.

Medyo umayos na ang kanilang pamumuhay. Wala na ang mapagkutyang mga taong laging nakatutok sa kanila. Subalit hindi pa rin lubos ang kapanatagan ni Wendy. Kahit pala lumayo na sila, dala-dala pa rin niya ang multo ng nakaraan. Pilit na dumidikdik sa kanyang puso at isipan nang paulit-ulit.

Ang resulta, wala siyang naging malapit na kaibigan. Hindi na niya magawang magtiwala sa ibang tao. Baka abusuhin na naman siya kapag nagsimula siyang maging malambot. Masasaktan ulit

siya. At hindi iyon kaaya-aya para gustuhin niyang maranasan ulit.

Mariin niyang ipinikit ang mga mata para pigilin ang luhang pilit na lumalabas mula roon. Naalala na naman niya ang nakalipas. At ganoon pa rin, naiiyak siya palagi. Hiling niya, sana dumating ang araw na magawa na niyang ngumiti kahit na maalala pa niya ang nakaraan. Mabura na ang sakit para tuluyan na siyang maging maligaya at malaya.

Malalim siyang napabuntung-hininga.

Kapit lang, Weng. You are one step closer to your dream, pagpapalakas niya ng kanyang kalooban.

May bago na siyang trabaho. At magandang panimula na iyon. She needed to focus more on that.

Lima silang mga baguhan na kasabayan niya. Pawang receptionist o encoder ang kanilang posisyon. Ang trabaho nila ay tagatanggap ng Internet calls mula sa kanilang customers, online inquiries, mga orders at iba pa na may kinalaman sa computer.

Mabuti na lang at alam ni Wendy ang basic sa paggamit ng naturang aparato. Matapos ang limang araw na training nila na ang kompanya rin ang nag-organisa ay nagawa na niyang kabisaduhin ang ilan sa mga istrategiya sa paggamit niyon.

“May forever rin pala ang pila dito. Naiihi na ako,” nakangiwing reklamo ni Wendy habang sapo ang kanyang puso.

Nasa palikuran siya ng building nila at halos hindi pa umuusad ang mga nakapilang kababaihan na nandoon. Siya pa ang pinakahuli sa linya. Kailangan niyang humanap agad ng paraan. Baka magkalat pa siya sa harap ng karamihan.

Nakakahiya!

Iyon ang concern niya, nahihirapan siyang magpigil kapag nagpapapansin na ang kanyang pantog.

Aligaga na siya at hindi na mapakali sa kinatatayuan. Naisipan niyang umakyat sa ikalawang palapag, pero ganoon pa rin ang sitwasyon. Ipinagtataka na niya iyon. Ano ang mayroon at ganoon na lang kahaba ang pumipila sa palikuran? Hindi pa naman iyon lunch break.

Inakyat niya ang pangatlong palapag. Huling subok na iyon. Kung ganoon pa rin, mapipilitan na siyang gumamit sa panlalaking palikuran. Wala nang hiya-hiya sa panahon ng kagipitan. Mas masaklap kung sa pantalon pa siya maihi.

Huwag naman sana.

Para siyang nabunutan ng malaking tinik sa lalamunan nang matuklasang wala ni isa mang nakapila roon.

Hanggang second floor lamang pala ang traffic.
Bahagya siyang napailing.

Hindi na siya nagpatumpik-tumpik at agad nang tinakbo iyon. Nasa bandang dulong sulok pa iyon ng nasabing palapag. Ilang sandali pa'y nakalabas nga siya ng palikuran na magaan na ang kanyang pakiramdam.

Nagpasya siyang bumalik na sa ibaba, ilang minuto rin ang ginugol niya, lagpas na siya sa minute-break niya.

Pero hindi pa man masyadong nakakalayo si Wendy ay may naulinigan siyang mahinang boses sa kawalan. Hindi naman niya mawari kung saan iyon eksaktong nanggaling. Para lang iyong echo sa kanyang pandinig.

Napakatahimik ng lugar. Naroon sa palapag na iyon ang dance studio, ngunit wala naman siyang naririnig na kahit na anong tugtog. Maliban sa tinig na naririnig niya nang oras na iyon. Biglang tinahip ng kaba ang kanyang dibdib. Paano kung minumulto

na pala siya?

Pero imposible ang iniisip niya dahil wala siyang naririnig na chismis na may ganoon sa building na iyon. Kaya itinapon niya ang hindi magandang ideya at kinalma ang sarili.

Nagpalinga-linga muna ang dalaga. Mayroon siyang nakitang isang silid na bahagyang nakabukas di-kalayuan sa kinaroroonan niya. Curious na nilapitan niya iyon. Mas lumakas pa lalo ang tinig nang tuluyan siyang makalapit sa naturang silid.

Doon yata nanggaling ang ingay.

Dahan-dahan niyang isinungaw ang mukha sa bahagyang nakabukas na pinto. Para na siyang espiya sa ikinikilos niya. Ingat-ingat na hindi makalikha ng ingay.

Nakita ni Wendy ang isang lalaking nakatayo roon habang nakatalikod sa gawi ng pinto. Matangkad ito at maganda ang postura. Hindi ito nakauniporme pero palagay niya ay doon din ito nagtatrabaho sa naturang gusali. Tindig-mayaman kahit backview pa lang ang nakikita niya rito.

Ano kaya'ng hitsura nito pag nakaharap? Pogi kaya? Lihim niyang kinastigo ang sarili.

Nakahawak sa baywang ang kaliwang kamay nito habang hawak sa kabilang kamay ang cellphone na nakaumang sa tainga nito.

Isinungaw pa ni Wendy nang husto ang ulo para marinig ang sinasabi ng estranghero. May pagkatsismosa din pala siya. Noon lang niya nadiskubre. Mahina siyang napahagikgik. Natawa siya sa sariling kapilyahan. Napatigil siya sandali nang magsalita ito.

“Oh, come on, not this time, honey. I need you. Tototohanin ni Lolo ang banta oras na hindi ko maibigay ang kondisyon na gusto niya. And you know how much I love this company. Wala akong ibang aalukin dahil ikaw ang nobya ko. I rely on you,” giit nito sa kausap.

Saglit na tumahimik ito, marahil ay pinakikinggan ang sinabi ng kausap. Ngunit base sa reaksyon nito ay negatibo ang naging sagot ng nasa kabilang linya.

“Damn! How could you?” malakas na mura ng lalaki saka napasipa sa monobloc chair na nasa tagiliran lang nito.

At ikinagulantang iyon ng dalaga. Dahilan para masagi niya ang pintong nasa likuran lang niya. Lumikha iyon ng ingay. At nakuha niyon ang atensyon

ng binata. Marahas itong napalingon sa kinaroroonan niya.

Maagap siyang nagtago sa likod ng pader. Bumilis ang kabog ng kanyang dibdib sa matinding kaba at takot. Unang beses iyong naramdaman ni Wendy sa tanang buhay niya.

“Sino iyan?” pagalit na sabi ng lalaki.

Bahagya pa siyang napatalon sa lakas ng boses nito. Lakad-takbo na ang ginawa niya palayo roon. Hindi puwedeng maabutan siya nito! Alam niyang hindi naman napakalaking kasalanan ang ginawa niya, pero masama pa rin ang nakikinig sa usapan ng ibang tao. Talagang nasa huli ang pagsisisi.

Subalit pinaglaruan nga yata siya nang mga oras na iyon. Dahil huli na para makatakas pa siya mula rito. Naabutan na siya ng lalaki na naroon na sa pintong pinuwestuhan niya kanina.

Ang malas ko naman talaga!

“Hey, stop! Don’t you ever run away from me, you eavesdropper!”

Nanginig si Wendy. Nakakatakot naman ang boses nito. Nababahalang huminto na lang siya nang maisip na wala na rin siyang choice para takasan

ito. Tiyak hahabulin lamang siya at magsanhi pa ng komosyon.

Nanatili siya sa kanyang kinatatayuan, nakatalikod nga lang dito. Awtomatikong tinakpan niya ang mukha gamit ang kanyang mahabang buhok. Mabuti nang maitago ang identity niya. Baka kilala nito ang supervisor nila at isumbong pa siya.

Laking malas ko naman kapag nangyari pa iyon.

“Kanina ka pa ba narito? Ano’ng narinig mo?” maaskad na tanong nito. “Magsabi ka ng totoo.”

“Uhm... kararating ko lang,” pagmamaang-maangan niya habang hindi pa rin lumilingon dito.

Tumawa ito nang mapakla. “Siguruhin mo lang iyan dahil ang pinakaayaw ko sa lahat ay iyong mga nakikinig sa usapan ng iba. That’s invasion of privacy. If in case may marinig akong usap-usapan regarding this incident, ihanda mo na ang sarili mo. Hindi mo magugustuhan kung paano ako magalit. Tandaan mo iyan!” mabagsik nitong bigkas.

Bahagya siyang napalunok sa takot. Umapuhap na naman siya ng isasagot dito.

“D-don’t worry, wala naman akong dapat ipagkalat dahil wala akong narinig.”

“Mabuti kung ganoon. Mabuti nang malinaw,” he mumbled

“Sige, aalis na ako,” aniya saka binirahan na ng lakad palayo mula rito. Rinig pa niya ang pagmura ng lalaki. Hindi na niya binigyang-pansin iyon. Kailangan na niyang makaalis sa lugar na iyon. Umakyat pa naman siya roon para maginhawaan kaso aalis siyang may kargo pa ring dala.

Nang hindi na niya matanaw ito ay dahan-dahan na siyang huminto.

“Whew! Muntikan na ako d’un, buti na lang naisipan ko pa ring na magpalusot. Nagawa ko siyang mapaniwala na wala akong narinig,”

Habol pa rin ang hiningang bumalik siya sa kanyang cubicle.

“Uy, ang tagal mo ‘atang nakabalik,” bungad sa kanya ni Cindy, isa sa mga kasamahan niyang encoder din. Sabay silang nakapasok doon, na agad niyang nakasundo. Kahit medyo magkalayo sila ng personalidad, hindi iyon naging balakid para maging malapit sila sa isa’t isa.

May pagkalukaret, talkative, at masayahin si

Cindy, unlike her na masyadong reserved at guarded ang kilos.

Magkatabi rin sila nito ng cubicle. Isa ito sa nakapagpapagaan ng trabaho niya. Kapag malungkot siya, ito ang nagpapangiti sa kanya.

Isa lamang ang hindi masakyan ni Wendy na hilig nito, ang pamamasyal. Wala siyang time sa mga ganoon. Paghahanap-buhay ang priority niya. Nang sa ganoon ay magawa niyang mapagamot ang kanyang ina na mayroong karamdaman. Sa palagay niya, hindi pa iyon malubha dahil nagagawa pa rin nitong kumilos nang normal. Iyon nga lang, panay ang pagkahilo, pananakit ng tagiliran at ang madali nitong pagkahapo.

Mag-iipon siya ng pera para may maipanggamot kay Ana. Kapag nakaluwag-luwag na nang kaunti ay susubukan niyang bumalik sa pag-aaral.

Matipid siyang ngumiti at binalingan uli ang kaibigan.

“Ang haba ng pila sa palikuran, pumunta pa akong third floor. Ano ba’ng event ngayon at ang tao kahit sa labas, hindi magkamayaw?” balik-tanong niya rito.

“May party sa kabilang building, kaibigan ni Sir

Jensen ang celebrant, kaya nakisuyong dito maki-CR ang iba. Dahil hindi na rin ma-accommodate doon sa kanila. Dami kasing bisita,” imporma nito.

Kaya naman pala. “Ganoon? At sabay-sabay pa talaga sila,” aniya na sinabayan pa ng malakas na tawa. Naputol lamang ang usapan nila nang sinaway na siya ni Cindy.

“Shh... Nandiyan na si Ma’am. Awat na.” Tumahimik na sila at bumalik na sa kanilang mga cubicle. “Uy, sabay tayong kumuha ng sahod natin mamaya, ha,” hirit nito pagkaupo na nila sa kanilang mga puwesto.

Napalatak siya. *Oo nga pala, muntik ko nang makalimutan.* Naalala niya ang nangyari kanina. *Sino kaya ang lalaking iyon? Ano ang inaalok niya sa kausap at ganoon na lang kung magbanta akin kung sakaling ipagsabi ko ang narinig?* At sa totoo lang, nakakaintriga ito.

Bago umuwi nang hapong iyon ay sumaglit muna sila ni Cindy sa ATM na nandoon sa loob ng gusali nila at nag-withdraw sa kanilang pangunang sahod.

“Uy, Wenggay, gala na tayo. Sige na,” untag nito sa kanya. ‘Wenggay’ o ‘Weng’ ang palayaw ni Wendy.

Ang tunay niyang pangalan ay Gwendolyn. Kinukulit siya nitong magpunta sila sa isang bar, magse-celebrate umano sa kanilang pangunang sweldo.

Hindi mahilig sa mga ganoong lakad si Wendy. Para sa kanya, mas makabuluhan pa kung ipapadala niya iyon sa nanay niya.

Nakatirik ang mga mata na hinarap niya ito. “Naku, Cindy! Alam mong hindi ako mahilig sa mga ganyang lakad, di ba? At alam mo ang kalagayan ko sa ngayon. Sana maintindihan mo.”

“Ang KJ mo talaga! Ngayon lang naman ito, celebration kumbaga. Hello? Pinakauna nating sahod ngayon, kaya tara lets na kasi. Sige na,” panghihimok pa rin nito.

Pero buo na ang pasya niya, hindi siya nagpadala rito. Pinaunawa na lang niya ito.

“Sa susunod na lang talaga, Cindy. May babayaran pa kasi ako.”

Pag nagkataong sumama siya sa babae, first time niyang makagala sa labas. Gustuhin man niya, hindi talaga puwede. Kukulangin ang budget niya. Baka makalimot lamang siya at magasta niya lahat ng pera niya.

Sumimangot lamang ito bilang tugon saka nagpaalam na sa kanya.

“Nay, kamusta na po kayo diyan? May good news po ako. Nakabili na ako ng bagong cellphone. Lagi ko na po kayong makakausap. Iyon nga lang, may bad news po. Hindi pa ako makakapagpadala sa inyo ng pera. Nagbayad pa po ako ng renta saka inilaan ko iyong naiwan sa panggastos ko po sa pang-araw-araw dito,” hingging-paumanhin ni Wendy sa ina.

“Salamat naman at lagi na kitang makakamusta, anak. Hayaan mo na. Hihiram na lang muna ako kina Sandra,” tugon nito na ang tinutukoy ay ang kapitbahay nila. Matulungin ang babae sa kanilang mag-ina kahit hindi nila ito kamag-anak. Ito ang kasa-kasama minsan ng nanay niya sa pagtitinda sa palengke noon. Nang makapag-abroad ang isa nitong anak na babae, tumigil na ito sa paglalako ng panindang tuyo sa palengke at naroon na lamang ito palagi sa bahay.

“Mainam nga ho. Hayaan n’yo, ‘Nay, sa susunod na buwan paniguradong makakapagpadala na ako sa inyo ng pera,” paniniyak niya.

“Mabuti kung ganoon, anak. Mag-iingat ka diyan

palagi, ha? Huwag kang magpapalipas ng gutom, mahirap na magkasakit ka pa. Wala pa namang ibang mag-aasikaso sa iyo diyan.”

“Huwag po kayong mag-alala, nag-iingat po ako parati at kumakain sa oras. Kayo rin po diyan. Huwag kayong masyadong magpapagod,” habol niya bago naputol ang tawag. Ubos na ang load niya. Masaya na siya kahit saglit lamang silang nagkausap ng nanay niya.

2

Ilang buwan magmula nang matanggap si Wendy sa trabaho ay naging komportable na rin siya sa mga kasamahan at sa mismong trabaho niya. Never pa siyang um-absent o na-late. Nagsusumikap pa siya nang husto para mas gumanda ang kanyang work performance.

Nakakapagpadala na rin siya ng kahit kaunting pera sa nanay niya. Nag-iisa lang ito sa bahay. Gustuhin man niyang makasama ito pero hindi naman maaari. Kailangan niyang magtrabaho kaya tinitiiis muna nila pareho na malayo sa isa't isa.

Abala ang lahat sa loob ng opisina. Si Wendy ay halos sumakit na ang ulo sa kakatutok sa computer. Abala siya sa pag-accommodate ng ilan nilang costumers. Marami iyong mga inorder kaya inistima niya nang husto. Napahinto lamang siya saglit sa ginagawa nang kunin ng isa niyang kasamahan ang kanyang atensyon.

“Weng, pinapatawag ka ni Ma’am Catalan sa opisina niya,” imporma nito.

Tumango siya at ipinasa na muna rito ang

kanyang customer saka pinatay ang computer niya.

“Good afternoon po, Ma’am. Ipinatawag n’yo raw po ako?” magalang niyang panimula sa kanilang head. Umangat ang tingin nito sa kanya saka bahagya siyang nginitian.

“Yup, Miss Castro. Hindi ko alam na kilala ka pala ni Mr. Jensen. Siya ang gustong makipag-usap sa iyo. Puntahan mo na siya sa office niya. Urgent raw sabi niya,” tugon nito. Pero hindi niya ma-gets ang tila mapanudyong tingin na ipinukol nito sa kanya. She wondered why.

It was a big mystery for her, though, for the fact that she was not even under Mr. Jensen’s management. Wala siyang maisip na konkretong rason para ipatawag siya nito. Bahagya tuloy siyang nakaramdam ng kaba sa di malamang kadahilanan.

Pagkalabas ng elevator sa panghuling palapag ay agad na bumungad sa kanya ang manly designed office ng VP ng kompanya. Bongga na siya, sino siya para pag-aksayahan ng oras si Mr. Jensen para makausap?

She tirelessly looked around. She noticed that the place was so quiet. Bawal yata mag-ingay roon. Kahit yata tinig ng insekto ay bawal doon.

Bigla siyang pinanlamigan ng pawis. Tila may weirdo aura na nagpapakaba sa kanya. Ewan pero iyon ang pakiramdam niya. Nayakap niya ang sarili.

Outside the office was an oval-shaped desk. Seryosong nakaupo roon ang isang middle-aged na babae, secretary marahil ni Mr. Jensen.

Kuyom ang kamay na naglakas-loob na siyang lapitan ito. Abala ito sa anumang binabasa nang makalapit na siya rito.

“Good morning po. I’m Gwendolyn Castro. Kakausapin daw po ako ni Mr Jensen?” kuha niya sa atensyon nito. Nag-angat ito ng mukha saka pormal siyang nginitian.

“Yes, Miss Castro, you can get inside now. Mr. Jensen is expecting you,” pag-imporma nito sa kanya.

Alanganin siyang ngumiti rito.

Hindi niya mapigilang mamangha nang tuluyan siyang makapasok sa loob ng opisina ng taong nagpatawag sa kanya. The place promised power and class.

Ang laki naman talaga ng office niya, parang bahay na sa lawak ng espasyo.

May malalaking paintings na nakadikit sa

sementadong dingding doon, hindi nga lang niya maintindihan kung ano ang ibig sabihin niyon. Abstract yata.

Sa kabilang banda, may miniature houses at buildings na nakahilera rin. Hindi niya masiguro kung matatawag ba iyong laruan, ang ganda kasi. Nakakapanghinayang kung masisira lamang. Tama na pang-display lang, pampaaliw sa mga naghihintay na bisita nito.

Inapuhap niya kung nasaan ang Mr. Jensen na nagpatawag sa kanya. At nakita nga niya ito. Nakaupo ito sa isang swivel chair sa likod ng mesa nito, prenteng nakasandal. Nakaharap ito sa wall glass na kita ang labas ng gusali.

Tumikhim muna siya para kunin ang atensyon nito saka nagbigay-galang na rin.

“Good morning ho, Sir, I’m Gwendolyn Castro. S’abi ni Mrs. Catalan, pinapatawag n’yo raw po ako?” she said with some uncertainty in her voice.

Tumayo ang lalaki, bagaman hindi pa rin humaharap sa kanya at nanatili lamang na nakatalikod.

Bahagyang sumikdo ang puso ni Wendy, parang pamilyar sa kanya ang bulto nito. Saan ba niya ito nakita? Pilit niyang inaalala, ngunit bigo naman siya.

Hindi pa rin humaharap si Mr. Jensen. May pa-suspense pa yata itong nalalaman. Lalo tuloy siyang na-curious higit sa hitsura nito. Ilang minuto na siyang nakatunganga at naghihintay kung kailan nito maisipang pansinin siya.

Hello, nilulumot na po ako dito, pansinin n'yo naman po ako, uy, reklamo ng isip niya.

Hindi nga kalaunan, parang slow motion sa isang palabas na dahan-dahan itong humarap sa kanya.

At syet! Natulala siya saglit, di niya akalaing napakabata pa pala ni Mr. Jensen. Tantiya pa nga niya ay ilang taon lamang ang tanda nito sa kanya. Pero kung pagbabatayan ang hitsura at tindig nito, mukha namang anak-mayaman talaga ito.

Pero ang ikinatulala rin niya nang husto ay ang mabistahan ang hitsura nito.

Wow, ang guwapo nito! Grabe! Makalaglag-puso sa kapogian! Matangkad si Mr. Jensen, matikas ang pangangatawan at ang kutis ay maputi at makinis.

Ang ganoon kaguwapo at kayaman na tulad nito, may sadya sa kanya? Really? She truly doubted it. Pero...

Ay! Kinikilig talaga ako sa kanya! Oops, ano ba!

Ang sarap sigurong makulong sa mauumbok niyang mga bisig at... anang malanding bahagi ng isipan niya.

Ay! Ano ba itong itinatakbo ng utak ko? Nagawa ko pa siyang pagpantasyahan, baka ipatapon agad niya ako sa labas kapag nalaman niya ang itinatakbo ng malikot kong isipan.

Hindi na tuloy makatingin nang direktso si Wendy rito. Ngayon lang siya nakakita nang ganoon kaguwapong nilalang. At hindi niya maiwasang mailang, and at the same time, ay kiligin na rin.

Sa kabilang banda, tila kabaliktaran naman ang reaksyon ng lalaki sa kanya. Wala man lang mababakas na kahit na anong emosyon na makikita sa mukha nito. Kalmanteng nakatingin lamang sa kanya habang ang magkabilang kamay ay nakapaloob sa mga bulsa ng pantalon nito. He looked bored.

But her heart was filled with anticipation when she saw him slowly making his way toward her.

Ano kaya ang sasabihin niya? Ano naman dapat ang isasagot ko? Heto na siya.

Pigil-hiningang hinintay niyang tuluyang makalapit ang lalaki sa kanya.

“Miss Castro, it’s a pleasure to meet you. Again,” bungad nito sa kanya.

Tumaas nang bahagya ang kilay ni Wendy.

Again? Bakit, nagkita na ba sila nito dati? Wala siyang naaalala. Imposibleng mawala iyon sa isip niya pag nagkataon. Sa hitsura ba naman nito. Baka nga gabi-gabi ay laman ito ng mga panaginip niya. Kaya malabong nagpang-abot na sila nito.

Initsapuwera na muna niya ang ibang katanungan at itinuon ang pansin dito.

“Uhm... it’s nice to meet you rin po, Sir,” pakiyeme niyang wika.

“Have a seat.” Itinuro ng lalaki ang upuang kaharap ng mesa nito. Tumalima naman siya at umupo na rin kasabay nito.

“*Kyle M. Jensen,*” tahimik niyang usal habang binasa ang nakasulat na pangalan sa carved wood na pahaba na nasa ibabaw ng mesa nito. Pam-foreigner ang apelyido nito. May halo siguro itong ibang lahi. Halata sa hitsura nito, mestisuhin.

“So, Miss Castro, kumusta na?” untag nito sa kanya pagkaupo niya.

Pero natawa ito nang mapakla nang mapansin

ang pagkalito at anyong inosente na lumarawan sa mukha ng dalaga.

“Don’t tell me, nakalimutan mo na? You cannot fool me, Miss Castro,” sarkastikong turan nito.

Hindi niya ito maintindihan. Bakit ganoon kung kausapin siya nito? Wala siyang naalalang nagawa niyang kasalanan dito. At talaga namang hindi pa sila napang-aabot nito.

“Ano po’ng ibig n’yong sabihin, Sir? Promise po, ngayon ko lang po kayo nakita nang personal. Nagtaka nga po ako nang ipatawag n’yo po ako ngayon dahil hindi n’yo naman po ako empleyado. Maitanong ko na po, ano po ba’ng sadya ninyo sa akin?” seryosong saad niya. Nabalik na sa tamang huwisyo ang sarili niya, hindi gaya kanina na halos manlupasay siya sa kakiligan pagkakita rito.

Marahas na napatayo ang binata at malakas na pinukpok ng kamay ang ibabaw ng mesa nito pagkarinig sa sinabi niya. Magkasalubong na ang magkabilang kilay nito at mariing nakatikom ang mga labi. Hindi nito nagustuhan ang pag-aaktong inosente ng dalaga.

He folded his arms across his chest and surveyed her with disgust on his face. Bumuga ito nang marahas

saka siya pinakatitigan nang matagal.

Napamaang na lamang si Wendy sa ipinakita nitong kabruskuhan.

“Magaling ka ring umarte, ha. Don’t you ever try to deny na hindi ikaw ang babaeng naroon sa third floor at intensyong nakikinig sa usapan ng ibang tao. Huwag mo nang dagdagan ang atraso mo sa akin, Miss Castro. Hindi ako mabait na tao kapag napikon,” iritadong sambit nito.

Napatutop siya sa kanyang bibig.

Hala, ito pala ang lalaking iyon? Iyong nagbabala sa kanya na huwag ipagsabi ang naging engkuwentro nila? Ngayon lamang niya nalaman. Kaya pala pamilyar ang bulto nito.

Akala pa naman ni Wendy, tapos na ang tungkol sa tagpong iyon. Pero akala lang pala niya iyon.

Sinadya pa talaga siyang papuntahin sa mismong opisina nito. Pero paano naman kaya nito nalaman ang tungkol sa kanya? Ang naalala niya, nakatalikod lamang siya rito noon. Imposibleng nakita nito ang kabuuan niya. Puwera na lang kung may laser eyes ito. Napalunok siya bigla.

Lagot siya! Dapat galingan niya ang pag-iisip ng

alibi sa kausap para bumenta na rito. Nakakahiya naman kung aamin siya, iisipin pa nitong tsismosa siya at hindi alam ang salitang ‘privacy’. Hindi maaari iyon!

“P-pasensya na po, Sir, kayo po pala iyon. Sa totoo po niyan, hindi ko talaga nakita ang mukha n’yo noon dahil nakatalikod naman po kayo kaya hindi ko kayo nagawang mapagsino.”

Blangko lamang ang ekspresyon na nakatitig sa kanya si Kyle.

“I don’t buy that. Sigurado akong may narinig ka kaya mabuti pa ay umamin ka na lang,” giit pa rin nito.

“Wala nga. Di ba nga po sinabi kong kadarating ko rin lang noon, ‘tsaka sinunod ko naman ang utos mo na huwag ipagsabi sa iba ang nangyari. Hindi ako ganoon.”

Suddenly, his face hardened. At tila malapit na nga itong sumabog batay sa kanyang obserbasyon.

Nadagdagan ang pangamba ng dalaga. Galit na ito. Baka kung ano pa ang gawin sa kanya ng kausap. Nilinga niya ang paligid, naghahanap ng maaaring ipampalo niya sakaling gawan siya nito ng masama. Mabuti nang handa.

Pero mukhang wala na talaga siyang lusot dito. Dahil naubusan na siya ng puwedeng maidahilan dito. She sighed.

“Oo na, oo na! May narinig nga ako pero kaunti lang naman iyon, at huwag kang mag-alala, hindi ako mahilig makisawsaw sa buhay ng iba. Aksidente lamang ang pagkarinig ko noon,” pag-amin niya kay Kyle.

Hindi ito tuminag kaya nagpatuloy siya.

“Ang tanging narinig ko lamang ay iyong sinabi mo sa kausap mong kailangan mo siya dahil sa request ng lolo mo. Iyon lang. Hindi ko naman naintindihan iyong usapan n’yo, bahagi lamang iyon ng naabutan kong sinabi n’yo.”

Pigil-hiningang hinintay niya ang magiging tugon nito.

Nakita niyang ipinilig nito ang ulo, nangislap na ang mga mata nito. Tila nasiyahan sa kanyang pagsuko rito.

“Mabuti naman at umamin ka na rin. Now that you have admitted eavesdropping to my conversation, I will make a proposal for you and I am sure it will be favorable for both of us. Ang happyaw mong narinig ay ipapaliwanag ko na sa iyo nang buong-buo.”

Napakunot noo ang dalaga. *Ano naman kaya iyon?* tanong niya sa sarili.

Mukha namang nabasa nito ang nasa isip niya. Diretsahan nitong isinawalat ang tinutukoy nito.

“Marry me,” tila mapang-utos na sabi to.

Dumagundong iyon sa kanyang tainga. At hindi siya sigurado kung tama nga ba ang dinig niya.

“Ano? Tama ba ang narinig ko, inaalok mo ako ng kasal? Bakit ako?” apila niya, sabay turo sa kanyang sarili.

Hindi niya lubos-maisip na iyon pala ang pakay sa kanya ng Mr. Jensen na ito. Ni hindi nga sila magkakilala. Paano nito naisip ang ganoong biro? Nabubuwang na yata ito. Wala siguro itong mapaglilibangang iba kaya siya ang napagtripan.

Inaasahan niyang sasabihin nitong nagbibiro lamang ito. Dahil bali-baliktarin man niya, wala talaga siyang maisip na valid reason para sabihin nito iyon sa kanya.

“You heard me right. I am asking you to marry me,” blangko ang mukhang wika nito.

Napanganga si Wendy, nagpoprotesta ang isip niya.

“Kung nagbibiro ka lang, mainam na bawiin mo na ang sinabi mo. Wala akong panahon sa ganyang mga pakulo. At alam ko, abala kang tao kaya nakapagtataakang naisip mo pa iyan.”

Nasabunot ni Kyle ang buhok nito. Tila ito man ay nahihirapan din.

“How I wish I was just kidding. But I am not.” He then drew a deep breath and stared at her. Confusion was written all over his face. “You see, my grandpa was pressuring me. Ido-donate niya ang kompanya na pinamamahalaan ko kapag hindi pa rin ako makapag-asawa sa taong ito. And I won’t let him do that. I love this company. This is my life. Ilang taon na ring pinaghirapan kong pamahalaan ang kompanyang ito. At masakit tanggapan na hahayaan ko lamang itong mawala.”

Saglit itong tumigil at umupo sa upuang kaharap ng sa kanya. Saka ito bahagyang nahahapong napahilamos sa mukha nito at nagpatuloy, “I asked my girlfriend to be my wife, but she just refused it. And I was so devastated. I don’t know what to do next.

“And then, suddenly, I remembered you. So I came up with another plan. And that is to have you as her substitute. Ayaw ko nang maghanap ng iba

dahil hindi ko gustong may ibang makakaalam ng sitwasyon ko. Kaya ikaw na lang ang inalok ko. Bukod sa pakikinig mo sa pakikipag-usap ko sa telepono, alam ko ring kailangan mo ng tulong ko, sa pinansyal na aspeto. Kaya all is fair lang, hindi ba?

“Don’t worry, hanggang sa papel lang naman tayo mag-asawa. No consummation or whatever after the wedding. We can continue living our normal lives The only difference will be the set-up. Kailangan pa rin natin magsama sa iisang bahay,” mahabang pahayag nito. He sounded so sure.

He thought her as submissive as that?

Sarkastiko siyang natawa. Sobrang taas pala talaga ng tiwala ng lalaking ito sa sarili. Planado na nito lahat bago pa man siya kausapin nito. Ganoon ito kasiguro sa magiging sagot niya sa alok nito.

Nagsimula nang uminit ang ulo ni Wendy. Sa paraan kasi ng pagkasabi nito, parang ganoon lang kadali ang gusto nitong mangyari. At ikinahihimagsik iyon ng puso niya. Ano ang tingin nito sa kanya, easy girl? No way! Padaskol siyang tumayo at hinarap ito.

“Ayoko. Hindi ko tatanggapin ang proposal mo. Dahil hindi ganoon kadali ang gusto mo. Tao ako, may sariling desisyon. Kung narinig ko man ang pribado

n'yong pag-uusap ng nobya mo, humihingi ako ng dispensa sa iyo. Pero huwag mo akong obligahin sa isang bagay na labag sa kalooban ko.”

Napailing lamang si Kyle saka mapang-uyam na tumawa. Mas lalong nagkukot ang kanyang kalooban. How dare he laugh at her like that! The nerve!

“For your information, Sir, malayo pa sa plano ko ang pagpapakasal at kung mangyari man iyon, ikaw ang nag-iisang tao na ayaw kong pakasalan. Alam mo kung bakit? Bukod sa hindi ka lang mahangin, dominante at insensitive ka pa!” singhal na niya sa kausap.

Nagtagis ang mga bagang nito. Galit na rin sa kanya. Pero hindi na siya nagpatinag. Naglaho na bigla ang respeto niya rito. Magsumbong man ito sa head nila, sisantihin man siya, the hell she cared. Ang askad naman kasi ng personality nito.

Siguro kung iniba nito ang pamamaraan ng pag-alok sa kanya, baka may tsansa pang ikokonsidera niya iyon.

Sa kanyang pananaw sa oras na iyon, hindi ito naging makatao at tila lahat ng mga hindi magagandang asal ay inangkin na nito. Sayang, pogi lang pala si Kyle.

Hindi ito makatugon at nanatili lamang nakatitig sa kanya. Natamaan yata ito sa sinabi niya.

Iyan ang bagay sa iyo. Feelingero!

Hindi na siya sumulyap uli sa lalaki nang magsimula na siyang maglakad palabas ng opisina nito. At ang walanghiya, saka pa talaga ito nagsalita nang nasa pintuan na siya. At lalong hindi niya ikinatuwa ang inihayag nito.

“I know about your mom, ang sitwasyon n’yo. And I am quite sure na gagawin mo ang lahat para sa kanya. So think about it, Miss Castro. See you soon,” mapanuya pa nitong sabi.

Nagkukot sa inis na nilisan ni Wendy ang opisina nito at agad na pumunta sa rest room sa ikatlong palapag. Doon niya inilabas ang inis at pagkaawa sa sarili. Kanina habang kaharap ang binata, ang tapang niya. But that was just her initial reaction kapag pakiramdam niya ay naagrabyado na siya ng ibang tao. Defense mechanism, wika nga.

Pero ngayong mag-isa na lang siya, doon na nagsialpasan ang luhang kanina pa niya pinagsusumikapang pigilan. Ayaw niyang makita ni Kyle na mahina siya, pagtatawanan gaya ng mga taong kumutya sa kanya noon. Ganoon na lang ba

talaga ang tingin ng iba sa kanya? Hanggang kailan ba siya makakaranas ng ganoong pagtrato? Napapiksi siya at padaskol na pinunasan ang kanyang luha.

Akala ko pa naman, mabait siyang tao. Masama pala ang budhi.

Muntikan pa siyang magka-crush dito, mabuti na lang at nalaman niya agad ang pagkatao nito.

Nahintakutan si Wendy sa sinabi nito patungkol sa kanyang ina. Dahil totoo iyon. Nagawa pa talaga siyang paimbestigahan nito. Mukhang siya nga talaga ang pakay nito. Pinanlamigan siya bigla.

Ang gusto niyang gawin ay umuwi na, kaso oras pa ng trabaho. Bumalik na lang uli siya sa kanyang naiwang gawain kanina, kahit hindi pa siya ganoon kakalmado. Pinilit niyang iwaglit saglit sa isipan ang nangyari kanina.

Nang uwian na mula sa trabaho ay nagmadali siyang makauwi. Ibinagsak niya ang katawan sa highaan pagdating sa kanyang silid. Ngayon lang siya nakaramdam ng sobrang pagod ng katawan at ng isipan. At dahil iyon sa iisang lalaki lamang. Ginugulo ng hudyong iyon ang tahimik niyang buhay. Imbes na unti-unti nang umayos ang takbo niyon, ginulo pa nito.

“Kapal ng mukha niya!” asik ni Wendy saka bumiling ng higa. “Ano kaya kung mag-resign na lang ako? Pero nakakapagod na ring magsimula uli sa umpisa. Pero kung hindi ako kusang mag-resign, paano kung pahihirapan naman niya ako sa trabaho. Isabotahe?” Napabuntung-hiningang bumiling siya sa kabilang side. “Pagsubok lang ito, hindi dapat ako magpaapekto. Focus, Wenggay, focus,” pagpapalakas niya sa sarili.

Naputol ang kanyang pagmo-monologue nang tumunog ang kanyang cellphone. Mensahe iyon galing sa kanyang ina, kinukumusta siya. Malungkot siyang napalabi. Na-miss na niya ito, lalo na sa sitwasyong ganoon.

Hindi niya mapigilang mapaluha, mahal na mahal niya ito. Nagtitiis ito sa dinadamdam nitong sakit para hindi siya mag-alala. Gusto niyang mayakap ito kahit sandali lang. Ang bigat kasi ng kanyang pakiramdam. Sukat sa naisip ay mabilis siyang napatayo.

“Anak, biglaan naman ‘ata ang pag-uwi mo. Hindi mo man lang ako sinabihan. Ipinaghanda sana kita ng paborito mong pagkain,” nabigla man ay masaya pa ring bungad ni Ana pagkakita sa kanya.

Napagdesisyunan niyang umuwi sa kanila. Masyado siyang na-pressure sa nangyari nang

nagdaang araw. And going home was the best thing she ever wanted to have her mind at peace.

Pinagmasdan niya ang ina saka nginitian ito nang malawak. Banaag sa mukha nito ang kasiyahan pagkakita sa kanya. Ganoon din siya. Gumaan nang ilang kilo ang bigat na pasan niya.

“Miss ko na po kasi kayo, ‘Nay,” tipid niyang tugon saka niyakap ito.

Hindi ikinuwento ni Wendy sa magulang ang dahilan ng biglaan niyang pag-uwi sa kanila. Sekreto lamang niya iyon. At ibabaon na niya iyon sa limot. Dahil alam niyang hindi na sila magtatagpo muli ng binata. Tinanggihan na niya ito.

Dahil hindi na siya babalik sa siyudad, sa kanyang iniwang trabaho, for good. Nakapagpadala na siya ng resignation letter, na ipinasuyo niya kay Cindy bago siya sumakay ng bus pauwi sa kanila. Nag-usisa pa ang kaibigan, pero hindi na muna niya ikinuwento ang tunay na dahilan. Hindi naman ito nagpumilit pa at nirespeto siya.

Sadyang secretive siyang tao. Hanggang maaari, sinasarili lamang niya ang mga bagay na bumabagabag sa kanya. Saka na lamang niya ito kukuwentuhan. Tiyak na mami-miss niya ito. Matatagalan pa yata

bago sila magkita muli.

Hindi rin siya makapag-focus sa trabaho dahil maisip lamang ni Wendy ang walang modong lalaking iyon. Ang gusali nito mismo ang magpapaalala rito sa kanya araw-araw. At palagay niya ay hindi iyon therapeutic. So she quit.

Maghahanap siya ng ibang mapapasukan. Pero bago iyon, sasabihin na muna niya sa ina ang totoo. Naghihintay pa lamang siya ng tamang tiyempo.

Sa tuwing nagkakaharap sila, lagi siyang nakaiwas ng tingin dito. Nagi-guilty kasi siya.

Mas kailangan nila ng pera na panggastos sa pang-araw-araw, pero ayun siya at nagawa pang huminto sa trabaho.

Kasalanan ng lalaking iyon!

Kumukulo ang dugo ni Wendy sa tuwing naiisip si Kyle. Panira ito ng buhay.

Alam niyang napupuna na rin siya ni Ana. Hindi lang siya magawang diretsahin nito.

Kaya sa lalong madaling panahon, kailangan na niyang sabihin dito ang totoo. Mabigat na sa dibdib kung patatagalin pa niya iyon. Hindi naman ito dapat mag-alala dahil alam niya, makakahanap din agad

siya ng ibang mapapasukan.

Kinabukasan ay nakapagdesisyon na si Wendy. Aaminin na niya ang totoo dito.

Natanaw niyang nagwawalis ang kanyang ina sa kanilang bakuran. Lalapitan niya ito at saka papapasukin sa loob. Doon niya isisiwalat ang kanyang lihim dito.

Humugot muna siya ng malalim na hininga saka nilapitan ito. Eksaktong nakalapit siya nang mapaattras ito bigla habang sapo ang noo. Nasalo naman niya ang nakatatandang babae kaya napasandal ito sa kanya.

“Nay! Napa’no po kayo?” puno ng pagtataakang tanong niya rito. Ngunit hindi na nito nagawang tugunin siya nang tuluyan na itong mapapikit. Sinalat niya ang leeg nito, ang init. Nilalagnat ito. May pulso pa naman ito. Nawalan lamang ito ng malay. Niyugyog niya si Ana, pero walang tugon mula rito. Nagsimula na siyang kabahan. “Inay, Inay! Mga kapitbahay, tulong!” puno ng histerya na sigaw niya.

Nasa bakuran sila kaya agad silang nasaklolohan ng kanilang kapitbahay nang marinig ang malakas niyang pagsigaw.

3

“Find a decent woman and marry her. That’s my condition for you to be the sole owner of the *Jensen Group of Companies*. Madali naman akong kausap. Kung ayaw mo, itutuloy ko ang pagbibigay ng kompanya sa isang charity na matagal ko na ring sinusupportahan. It’s up to you. Hindi malaking kawalan ito sa akin. Ikaw lamang ang iniisip ko. Ilang taon din na ikaw na ang namamahala niyon,” kalmanteng pahayag ni Lolo Salvador.

Napamaang sa gulat ang apo nitong si Kyle.

It was a big surprise for him, though. Of all the things, marriage was the last thing on his mind as of the moment.

Sa edad na treinta ay naabot na ni Kyle ang rurok ng tagumpay. He was one business genius, among the others in the industry. A very well-known bachelor, to those who had known him. He had a reputation to uphold. To be single as long as he wanted to.

He didn’t have any serious relationships with women. Matagal ang isang buwan para sa kanya. Sa tuwing napapansin niyang nagiging attached na

masyado o demanding na ang mga ito, nakikipagkalas na siya.

Hindi naman sa ayaw niya sa committment. Talaga lang madali siyang magsawa kapag nakakita siya ng kapintasan sa nakakarelasyon niya.

Ayaw niya ng mga babaeng dependent sa kanya, mas naa-attract siya sa mga babaeng palaban at madiskarte sa buhay.

And Chandice had that character. She was his current and longest girlfriend. Mahigit walong buwan na silang mag-on nito. Gusto niya ang dalaga dahil hindi ito kagaya ng iba. Nakilala niya ito nang mag-attend siya ng isang event na isa ito sa naging modelo. Career woman ito, at in demand abroad.

Hindi niya masabi kung mahal ba niya ang babae. Basta ang alam niya, magaling ito sa kama.

Love wasn't the basis for him to have a relationship. It's more of a companion, especially with earthly needs. And as of the moment, he felt contented with his own facade. No pressure at all. Just pure fun with less drama.

Until that day, when he visited his grandpa. All his happiness crushed away.

Ang pakay sana ni Kyle ay ang kumustahin lamang ito. Mas malapit siya rito kaysa sa mga magulang niya.

Abala ang ina niya sa negosyo nito sa ibang bansa, ang ama naman niya ay ganoon din. Minsan lamang sila nagkakasama. Ang lolo niya, kahit abala rin ito, hindi nakakaligtaang bigyan siya ng oras.

Pero nang magsimula na siyang magbinata, nagiba na ito. Medyo dumistansya at naging istrikto na si Lolo Salvador sa kanya. Marahil ginawa lamang nito iyon para huwag siyang maging dependent dito. Siya lang ang apo nitong lalaki. May tatlong anak ito na kapatid ng daddy niya. Lahat ay pawang mga babae.

Kaya naman sa kanya nakasalalay ang magiging kahahantungan ng kompanya oras na magdesisyon na itong magretiro. Naiintindihan naman niya ito. Kaso ang hinihiling nito ngayon ang hindi niya maintindihan.

At iyon pa talaga ang ibinungad nito pagkakita sa kanya. Wala man lang pabalat-bunga bago nito sabihin iyon. Akala yata nito ay napakadali lang ng gusto nito. Puwes, sa kanya ay napakalaking hindi. Nakasalalay roon buhay niya, ang kalayaan niya. At hindi pa siya handang magpatali sa kahit na sino.

Hindi lingid kay Lolo Salvador ang ugaling niyang papalit-palit ng nobya. Vocal ito sa pagsabing hindi nito gusto iyon kaya siguro ginigipit siya nito sa pamamagitan ng paghiling nitong mag-asawa na siya.

Tatlong buwang palugit lamang ang ibinigay nito sa kanya. Ayon sa matanda, mas magiging responsable pa raw si Kyle kapag may asawa at anak na. For him, that was just a stupid and irrelevant alibi. Responsable naman siya kahit binata pa siya. Ilang taon niyang pinamamahalaan ang kompanya, hindi pa ba ito bumilib sa kakayanan niya? He sighed deeply.

Minsan nagiging weirdo talaga si Lolo Salvador. Marami na siyang naririnig na usap-usapan mula sa kanyang mga empleyado. May pagka-Kupido nga raw nito. Isang matchmaker? Siyempre tinawanan lamang niya iyon. Isang napakalaking kalokohan, abala itong tao. At ang mga ganoong bagay ay hindi angkop para sa karakter nito.

But now? Kyle was reconsidering it. Siya naman ang nakita at ginigipit nito.

His grandpa was getting into his nerve already.

Noon lamang siya na-pressure nang husto. Dahil alam niya, hindi ito nagbibiro sa banta nito. Hindi

nito magagawang pamahalaan ang napakaraming negosyo nito kung malambot ang puso nito.

He had to do something before he would regret it.

Pagkarating sa *Jensen Group of Companies* ay hindi na muna siya dumiretso sa kanyang opisina. Sa halip, nagtungo siya sa ikatlong palapag at tinawagan agad ang nobyang si Chandice. Wala siyang ibang maaaring alukin ng kasal, ito lamang. He liked her, though. Maybe that was enough reason for a start.

Ang importante sa ngayon, mahahanapan niya ng solusyon ang kinakaharap niyang problema. Ayaw niyang mawala sa kanya ang kompanya. Mahal niya ito.

“Oh, come on, not this time, honey. I need you. Tototohanin ni Lolo ang banta oras na hindi ko maibigay ang kondisyon na gusto niya. And you know how I love this company. Wala akong ibang aalukin dahil ikaw ang nobya ko. I rely on you,” giit niya sa babae.

“I can’t. My schedule can’t permit it,” kampante

nitong sagot sa kabilang linya.

He pursed his lips to control his anger but he just couldn't. Hindi niya inasahan ang pagtanggap nito.

“Damn! How could you!” malakas na mura niya saka napasipa sa monobloc chair na nasa tagiliran lang niya. Hindi niya maintindihan ito. Lahat ng babae ay nagkakandarapang masilo siya. Pero ito na naturingan niyang nobya, inayawan siya. Nasagi nang husto ang ego niya. Noon lamang siya tinanggihan ng isang babae.

“Kausapin mo ang lolo mo na sa susunod na taon na lang tayo magpakasal. By that time, maluwag na ang sched—” Hindi na narinig ni Kyle ang iba pa nitong sinabi nang may marinig siyang ingay sa labas ng silid na kinaroroonan niya. Sa palagay niya ay mula iyon sa pinto. Masama pa rin ang loob na nilapitan niya iyon.

Saka niya natuklasan na may iba pang tao na naroon maliban sa kanya. At posibleng narinig nito ang mga sinabi niya sa telepono.

Shit! Pag minalas nga naman. Sunod-sunod pa. Gusto niyang magwala. Huwag lamang nitong painitin pang lalo ang ulo niya, malalagot talaga ito sa kanya.

Nakatalikod ang babae di-kalayuan mula sa kanya. May balak pa yatang tumakas, mabuti at naabutan niya ito. Nang tanungin niya ito, sinabi lang na wala raw itong narinig at kadarating lamang.

Pinagbantaan niya ito. Pero siyempre hindi naman niya iyon tototohanin. Aksaya lamang ng oras.

Mainit pa rin ang ulo na bumalik si Kyle sa loob ng silid na pinanggalingan niya kanina. Napahilamos siya sa kanyang mukha. Ngayon lang siya napasok sa ganoong sitwasyon. At ang lolo niya ang salarin. Kung hindi lang niya mahal ang kompanya, nunca na maapektuhan siya nang ganoon. Tuso talaga si Lolo Salvador. Alam nito ang kahinaan niya.

Biglang sumagi sa isip niya ang babae kanina. Hindi siya sigurado kung ilang taon na ito o ano ang hitsura nito.

Tanging likod lamang ang nakita niya rito. Pero kung pagbabasehan ang hugis ng katawan at tindig, pakiwari niya ay nasa tamang edad na ito. Nakuha nito ang atensyon niya sa pang-upo nitong perpekto ang hugis.

Bigla ay may tila nagliwanag na ilaw sa kanyang balintataw. Ang babaeng iyon na lang ang aalukin niya. Tatal sigurado naman siyang nakikinig talaga

ito kanina. Maano't obligahin niya ito. Kasalanan nito at aaligid sa panahong magulo ang isip niya. Tingin niya ay madali lang itong mapapaamo. Si Chandice ang tila immune na sa kanya. And damn her for stepping on his ego.

Kinuha ni Kyle ang cellphone mula sa bulsa ng kanyang polo shirt at saka may tinawagan. Mainam nang may background check na muna siya sa dalaga. Baka may makuha siyang impormasyon na gagawin niyang pain para mapa-oo niya agad ito.

Napalitan na ng malapad na ngisi ang kanina ay nakabusangot na mukha ni Kyle. Mas naging interesante ang kinalabasan ng araw na iyon. Malaking kamalian ang pagtangga sa kanya ng nobya niya. Ginto na nga, binitiwang pa nito. At siya iyon. It's her loss, not his. Napahalakhak siya sa naisip.

Nang makakuha ng sapat na impormasyon, ipinatawag agad niya ang babae na nalaman niyang nagtatrabaho pala sa kompanyang nakarenta sa unang palapag ng gusali niya. Nalaman niya ang totoong pangalan nito. Mahusay ang kinuha niyang imbestigador.

Planado na niya lahat ng sasabihin dito. Kaya prenteng nakaupo siya sa kanyang opisina habang hinihintay ito.

Ilang minuto nga ay naroon na ito. Pinasadahan niya ang dalaga ng mabilisang tingin sa kabuuan nito. Maganda pala ito. The picture of her that was given by the investigator didn't give justice to her real beauty. Mas mature na ito tingnan, malamang ilang taon pa lamang ang nasa larawan. Magkagayunman, maganda pa rin si Gwendolyn Castro, at mababanaag ang kainosentihan sa mukha. Napadako ang tingin niya sa mga labi nito, tila nanuyo bigla ang kanyang lalamunan. Napatikhim siya bigla.

At saka sinimulan niyang isalaysay ang kanyang totoong pakay rito. Pero laking dismay niya nang tanggihan nito ang alok niya. Surely, hindi niya inaasahan iyon.

Para siyang ibon, na kung kailan mataas na sana ang lipad ay biglang napabagsak sa lupa nang matamaan ng tirador. Iyon ang pakiramdam ni Kyle nang mga oras na iyon. Ang taas na ng expectation niya kanina. At lumagapak nang tanggihan ni Wendy. Damn her! Pinapahirapan siya nang husto.

Ginamit niya ang nalaman niyang impormasyon patungkol sa ina nito. Pero tinalikuran lamang siya nito.

He miscalculated her strong personality. Hindi niya napaghandaan iyon.

Kinabukasan, nalaman niya mula sa kanyang tauhan ang pag-resign nito sa trabaho.

Napapalatak na lamang ang binata. Masyadong matatag ang paninindigan nitong si Miss Castro. Kung tutuusin nga, mas matutulungan pa niya ito sa sitwasyon nito dahil buhay na ng ina nito ang pinag-uusapan.

Bibigyan niya ito ng limang araw na palugit. Pagkatapos kapag hindi pa rin magbago ang isip nito, maghahanap siya ng iba.

Humugot siya ng malalim na paghinga saka pabagsak na naupo sa sofa. Ano ba itong sitwasyong kinasuotan niya? Mas mahirap pa kaysa sa problema sa kompanya. At malapit na siyang masiraan ng ulo dahil doon.

4

Parang déjà vu ang nangyari. Dahil naroon muli si Wendy, sa labas ng elevator paharap sa opisina ni Kyle. Bumiyahe siya pabalik ng Cebu para makausap ito, alang-alang sa kanyang inang nasa ospital.

Luminga muna siya sa paligid. Absent yata ang secretary ng binata, napansin niyang wala ito sa puwesto nito.

Baka wala rin siya?

Nagprotesta ang isip niya kaya binirahan na agad niya ng lakad papunta sa harap ng pinto ng tanggapan. Kumatok siya nang makailang beses bago kusang pinihit ang seradura pabukas. Para lamang siya madismaya sa nadiskubre; naka-lock iyon. Tama nga ang hinala niya, wala rin ang lalaki sa loob. Malamang may pinuntahan itong kliyente sa mga oras na iyon.

Bagsak ang mga balikat na pumihit siya pabalik sa kanyang pinanggalingan. Wala siyang ibang mapagpipilian kundi ang umalis na muna, wala namang waiting area doon sa labas. Susubukan uli niya mamaya. Pagtitiyagaan talaga niyang hintayin

si Kyle. Dahil hindi siya maaaring sumuko na lamang nang hindi ito personal na makausap.

Ang tanong, kung hindi pa rin niya ito makausap sa araw na iyon, saan siya pansamantalang titira? Umalis na siya sa dati niyang nirerentahang silid. Nawaglit sa isip niya ang mga posibleng balakid sa pagkausap sa binata. Abala nga pala itong tao.

Kagat-labing ipinagpatuloy na lamang ni wendy ang paglalakad patungong elevator para bumaba ng unang palapag. Wala sa nilalakaran ang atensyon niya dahil sa dami ng iniisip. Hindi niya nakita na may taong makakasalubong. Parehong wala rin sa daan ang atensyon nito.

“Aray! Shit!” magkasabayan nilang sambit habang sapo ang bahaging natamaan ng pagkakabangga sa isa’t isa.

Bahagyang napangiwi ang dalaga sa kirot ng kanyang noo, ang tigas kasi ng nakatama sa kanya. Tila bakal. Bahagya siyang tumingala para mapasadahan ang anumang bagay na nabangga niya. Ngunit hindi pala bagay kundi tao. Napakapoging nilalang.

“Ikaw?” sabay ulit nilang sabi.

Tingnan nga naman ang pagkakataon. Ang

galing manudyo. Kung kailan aalis na siya, saka naman darating ang sadya niya.

Saglit na nawala sa kanyang isip ang pakay at palihim na pinasadahan ng tingin ang kabuuan ni Kyle.

Tumalon yata ang puso niya. Hindi niya mawari kung bakit. Inisip na lamang niyang dala iyon ng pinaghalong kaba at saya na rin. Dahil narito na ang lalaki sa harapan niya at masabi na niya rito ang pakay niya.

Kahit wala itong kangiti-ngiti habang nakatingin sa kanya, nginitian pa rin niya ito nang matipid. Siya ang unang bumasag ng katahimikan.

“Uhm... magandang umaga sa iyo. Kumusta? Uhm... may gusto sana akong itanong sa iyo,” kandautal niyang bungad habang sa ibang direksyon nakatingin ang mga mata.

“Yes, what is it?” hilaw na sambit nito. “Just make it quick. Busy ako,” yamot na tugon nito.

Naalarma na siya. Lumunok muna siya bago ibinuka ang bibig upang muling magsalita. “T-tungkol sa inalok mo sa akin. Pasensya na at medyo natagalan, pero gusto kong sabihin sa iyo na pumapayag na ako.”

Hindi makahinga si Wendy dahil sa matinding antisipasyon na sana wala pa itong nilapitang iba at hinintay na muna siyang makapagdesisyon nang mabuti. Tatanawin niya iyong malaking utang na loob kapag nangyari iyon.

Kita niyang napahalukipkip lamang si Kyle saka siya pinakatitigan. Hindi niya magawang tunitig dito, naiilang siya.

Tumaas ang isang sulok ng labi nito. “How sure you are that I will wait for you?”

Napipilan siya. Iyon na nga ang ikinakatakot niya. Wala siyang maisip na isasagot dito.

“Umalis ka kaya ano sa tingin mo ang gagawin ko? Hahabulin ka at ipilit pa rin ang gusto ko?” Tumawa ito nang mapakla. “Madali akong makahanap ng iba, Miss Castro. And you know what? You have wasted the chance. The least you could do before was to appreciate and grab the opportunity you had. But you didn’t. Because you are too proud of yourself,” mapanumbat nitong saad. Ang mga mata nito ay bahagya nang sumingkit.

Napayuko ang dalaga habang pinipigilan ang luhang namintana sa isang sulok ng mata niya. Sana mag-disappear na siya roon. Pahiyang-hiya

na siya sa binata at sa sarili mismo. Hopeless na talaga. Kailangan na niyang tanggapin iyon, na hindi na siya nito magagawang pagbigyan ng isa pang pagkakataon. Dismayado siyang napatungo.

“But now that you are here, I will give you another chance. Masyado rin akong na busy lately kaya hindi ko agad nabigyang oras ang paghahanap ng ipapalit sa iyo. Kaya sige, pag-iisipan ko pa. Tatawagan na lang kita oras na makapagdesisyon na ako. I have to go.” Iyon lamang at nilagpasan na siya ni Kyle at isinara agad ang pinto nang makapasok ito sa loob ng opisina nito.

Naiwan siyang nakanganga sa kinatatayuan niya. Tama ba siya ng dinig? Bibigyan siya nito ng chance?

Sumilay ang munting pag-asa sa kanyang isipan. Sana bigyan nga siya nito ng isa pang pagkakataon. Magiging mabait na talaga siya sa lalaki oras na mangyari iyon.

Iyon na lang kasi ang huling alas na mayroon siya para mapagamot ang ina. At hindi na niya iyon sasayangin pa. Sana pabor sa kanya ang maging pasya ni Kyle.

Nasa anyong sasakay na siya ng elevator pababa nang biglang bumukas ang pinto ng opisina ng binata.

At lumabas ito.

“Hey, come inside,” pautos na saad nito sa kanya.

Hindi na nga siya natuloy sa pagsakay ng lift at tila robot na sumunod na rin dito. Nang makapasok ay sinenyasan siya nitong maupo sa visitor’s chair na nasa harapan ng mesa.

Nanatiling nakatikom ang kanyang bibig. Naghintay siya na kusa itong magsimula ng usapan.

Tumikhim muna si Kyle bago siya hinarap. Nakasandal ito sa likod ng upuan habang nakahalukipkip.

“I think I have the right to know, what made you change your mind?” usisa nito habang diretsong nakatingin sa kanya.

Napalunok ang dalaga. Alam niyang dapat siyang magpakatotoo. Tumikhim muna siya, tumingin sa kausap bago nagsalita nang pautal. “Nasa ospital ang nanay ko. Kailangan siyang ma-confine para malaman ng mga doktor kung ano ang tunay niyang sakit at nang maobserbahan ang kalagayan niya. Kailangan ko rin ng malaking halaga para sa mga gastusin.” Napayuko siya matapos sabihin iyon.

Naghari ang katahimikan sa pagitan nila. Hindi

alam ni Wendy kung ano ang nasa isip ng lalaki. Ilang minuto pa'y narinig niya ang tinig nito. Napatingin siya rito.

“Napag-isip-isip ko na bigyan ka nga ng isa pang tsansa. Mabuti na lang at pumunta ka ngayon dito. Kung pinabukas mo pa, malamang alikabok na ang maaabutan mo.”

Napalunok siya. Mabuti na lang pala at hindi niya ipinagpaliban ang planong puntahan ang kausap.

“Pag-usapan na natin ang tungkol sa kasal at sa magiging set-up natin. I have here our prenuptial agreement. I guess you heard about it, right?” Tumango siya. “Good. Here, take time to read it.”

Iniabot nito sa kanya ang isang folder. Tahimik niyang binasa ang mga nakasulat sa papel.

Ayon sa dokumento, sa huwes lamang sila magpapakasal, walang consummation of marriage o honeymoon, walang pakialaman sa isa't isa, makakatanggap siya ng monthly allowance buwan-buwan kahit pa hiwalay na sila, as long as she was still single. At higit sa lahat, pagkatapos ang isang taong pagiging mag-asawa ay magpa-file sila ng annulment.

Acceptable and favorable naman sa kanya ang mga nakasaad sa prenup nila. Pero bakit may isang

bahagi ng puso niya ang tila hindi umaayon? Hindi niya matukoy kung bakit. Lately, naguguluhan na si Wendy sa kanyang sarili.

“Well, what can you say?” untag sa kanya ng binata.

Tiningnan niya ito saglit. Masasalamin sa mga mata nito ang kasiyahan. Ibig sabihin, ito mismo ang gumawa ng sulat at hindi lamang ipinang-utos sa abogado nito.

“Ayos lang sa akin,” may katamlayan niyang tugon saka pinirmahan na ang nasabing agreement. Napansin iyon ni Kyle. Napatiim-bagang ito.

“I knew it is still hard for you, marrying a stranger like me for the sake of your mother. You know we are just in the same dilemma, kaya nga tayo nagkasundo, di ba? Kung may ibang choices lamang tayo, hindi tayo papasok sa ganito kagulong sitwasyon. Am I right?”

Tumango siya bilang sagot sa tanong nito.

“So stop acting like you are the aggravated one. Pakiramdam ko kasi parang pinipilit kita. Ikaw naman ang lumapit muli sa akin,” kunot-noong pangaral nito. Nahiya naman siya. Na-misinterpret nito ang iginawi niya.

“Alam ko, pasensya ka na. Medyo nalilito pa nga lang ako sa mga nangyari...”

Bahagya na naman na gumaan ang anyo nito saka napakibit-balikat. She then felt relieved.

“More on that. Siyanga pala, tungkol kay Lolo Salvador. Alam kong siya ang higit na magre-react oras na malaman niyang maghihiwalay na tayo kaya ipapalabas na lang natin na marami tayong hindi pinagkakaintindihan at iba pa. Pero huwag kang mag-alala, patuloy pa rin kitang susustentuhan buwan-buwan kahit hiwalay na tayo. Mahihinto lamang iyon kapag nakapagdesisyon ka nang mag-asawa uli.”

“Kahit hindi mo na ako sustentuhan kapag nagkahiwalay na tayo, ayos lang. Basta ang importante sa ngayon, maipagamot ko na ang nanay kong maysakit. Katulad ng nasabi ko na, nasa ospital siya ngayon. At nakakahiya mang aminin, pero walang-wala na talaga kami. Saka wala na rin akong trabaho dahil nag-resign na ako sa pinagtatrabahuhan ko dati. Kaya kumapit na ako sa patalim. At pumayag sa sitwasyong ito,” wika niya na panay ang kurap ng mga mata para pigilin sa pag-agos ang kanyang luha.

Bahagyang lumambot ang mukha ni Kyle.

“Huwag kang mag-alala, ako na’ng bahala sa

nanay mo. May ipapadala na akong tauhan na mag-aasikaso sa kanya. Bukas ay magpapakasal na tayo. Saka ka na lang umuwi sa inyo pagkatapos.”

Natameme si Wendy. Agad-agad, magkakaasawa na siya. At nalilito na siya sa nararamdaman. Bigla yatang naglaho ang inis niya kay Kyle bagkus ay tanging kasabikan ang pumalit. At hindi niya malaman kung bakit.

“Wait, may matutuluyan ka ba?” kagyat nitong tanong sa kanya. Alam marahil nito na tuluyan na siyang umalis sa dati niyang tinirhan.

“Oo, meron,” matipid niyang sagot.

Tumango ito. Senyales na puwede na siyang umalis. Mabilis na niyang nilisan ang opisina nito.

Nang masigurong walang ibang tao sa paligid ay agad siyang bumuga nang malakas saka payukong nakatukod ang magkabilang kamay sa bandang tuhod niya. Para na siyang paputok na malapit nang sumabog kanina. Magkahalong gulat, saya at pagkalito. Sa loob lamang iyon ng isang araw.

Nang makausap ang may-ari ng dati niyang tinirhan noon ay umakyat na siya at pumasok sa naging silid niya noon.

Pero nakahiga na si Wendy ay nahihirapan naman siyang makatulog. Naroo't pabiling-biling lamang siya sa kama.

Mayamaya ay tumihaya siya saka tumingala sa kisame. *Tama nga ba ang naging desisyon ko?* May panahon pa para umatras.

No. Your mother's condition is at stake, you need to do this for her, anang likod ng kanyang isipan.

She sighed.

Hindi pinangarap ni Wendy na ganoong sitwasyon ang kahahantungan niya at ganoon din ang binata. Tama ito sa sinabi kanina, pareho lamang silang biktima ng hindi inaasahang laro ng buhay.

Ang isa sa ipinangangamba niya ay kung anong klaseng tao si Kyle. Nambubugbog kaya ito o ano? Baka may hindi ito kaaya-ayang ugali na siyang dahilan ng pagtangga ng nobya nito sa binata.

Sana naman mali siya ng hinala.

Ngayong ikakasal na siya, hindi niya maiwasang maalala ang dati niyang nobyo. Hindi siya sigurado kung mahal pa ba niya ito o hindi na. Basta sa tuwing maaalala niya ito, nakakaramdam siya ng munting kirot sa puso.

Si Sean... Naging nobyo ito ni Wendy noong nasa third year high school siya. Nagkasira sila dahil sa pagtataksil ng lalaki na nasaksihan pa niya mismo; nahuli niyang may kahalikan itong babae na kinakapatid pala nito. She felt betrayed and humiliated. All those hearthaches she'd been through flashed back again in her mind. Nakipaghiwalay siya kay Sean sa kabila ng pagmamakaawa nitong huwag niyang tapusin ang kanilang relasyon. Makaraan ang ilang buwan ay nalaman niyang ikinasal ito sa babaeng iyon.

Huminga nang malalim ang dalaga. Kumirod ang puso niya. Kahit papaano ay nasaktan din siya sa naging kabiguan sa pag-ibig. Pero na-realize niyang mainam na ang ginawa niyang pagbitiw kay Sean. Sa simula pa lamang ay nakalaan na ito sa iba.

Naalala niya ang sinabi ng ina, *“Sa tamang panahon darating rin ang lalaking nakalaan para sa iyo. Kusang dumarating iyan nang hindi mo inaasahan.”*

Si Kyle na kaya iyon?

Matamlay siyang napaayos na ng higa para pilitin ang sariling makatulog na.